# 1

Misty was stunned to see Keith again after three years. Akala niya ay hindi na kailanman magtatagpo ang kanilang landas. Subalit nagkamali siya dahil ngayon ay nasa restaurant din na kinaroroonan niya ang lalaking halos isumpa niya. Hindi sinasadyang narinig niya sa kuwentuhan ng mga kaibigan niya na ilang buwan na raw itong nagliliwaliw lang.

So Keith Gabriel Ilustre is back. Ang lalaking naging dahilan ng pagkamatay ng kanyang kapatid na si Lizzy.

Matalim ang mga matang tinitigan niya ito. Hindi niya mapaglabanan ang galit na biglang naramdaman. Nalipat ang tingin niya sa magandang babaeng kasama ni Keith. *Hmph! No wonder, kaya hindi niya ako nakita. Eh, busy sa pakikipaglambutsingan!*

Napasimangot si Misty dahil sa inis na naramdaman sa pagkakita na may kaharutan itong iba. Pero teka! Ipinilig niya ang ulo sa naisip. Nagagalit ba siya dahil may kasama itong ibang babae o dahil nang makita niya ito ay bumalik ang galit na naramdaman niya dahil sa pagkamatay ni Lizzy?

Inis na bumuntong-hininga siya, nais niyang pawiin ang pagkalitong nararamdaman dahil mas matimbang ang naunang dahilan kung bakit siya nagngingitngit. Hindi niya mapigil ang mga matang patuloy na magmasid dito. Hindi niya maintindihan kung bakit parang patalim na tumatarak sa kanyang dibdib ang bawat ngiti at tawa na ibinibigay nito sa babaeng kasama.

Nasasaktan ba si Misty? Of course not! *I'm here to take revenge on him!* Mabilis na inayos niya ang sarili. Kailangan niyang umakto ayon sa kanyang mga plano. Ngunit kahit ano ang gawin niya ay hindi siya makakilos. She sighed sadly and decided to leave the restaurant habang hindi pa siya napapansin nito.

Gigil na gigil niyang inihagis ang bag sa loob ng kotse at inis na pinalo ang manibela. *Oh! How I hate you, Keith! I hate you! Alam na alam mo talaga kung paano ako saktan!*

Dapat talaga ay hindi na siya umuwi. Masaya na ang buhay niya sa Los Angeles. May magandang job offer na naghihintay sa kanya roon at marami rin ang nanghihinayang sa desisyon niyang pagbalik sa bansang pinanggalingan.

Akala niya ay pure hatred na lang ang nararamdaman niya para kay Keith ngunit nagkamali

siya. The three years of trying to forget him was useless. Nagulat pa siya nang mabasa ang kanyang kamay ng luhang hindi niya namalayang tumulo na pala sa sobrang sama ng loob. Inis na pinunasan niya ang pisngi sa pamamagitan ng kamay at nagmaneho palayo sa lugar na nagbigay muli sa kanya ng ibayong sakit.

---

"Anak, mabuti naman at dumating ka na. Teka—" Tinitigan ng mommy ni Misty ang kanyang mukha. Umaasa siyang sana ay hindi nito mahalata ang kanyang pag-iyak.

"You look tired, hija. Napagod ka ba sa kadadalaw sa mga old friends mo?" Hinalikan siya nito sa noo. "Go and take a rest." Itinuro nito ang hagdanan. "Ipagigising na lang kita kay Yaya pagdating ng bisita ko."

"Thanks, Ma," aniya saka nagmadaling umakyat papunta sa kanyang kuwarto.

Patamad siyang dumapa sa malambot na kama. Ayaw man niyang aminin sa sarili pero na-miss talaga niya ang amoy ng kanyang silid, pati bedsheets at ang mga unan niya. This room held so much memories of her childhood… when Lizzy was

still alive… when they were still a complete family.

She missed her parents. But most of all, she missed Keith.

It had been almost four years since she left this house. Mas ginusto niyang lumayo noon at iwanan ang kanyang mga magulang na labis na nangungulila sa pagkawala ng isang anak. Back then, she could not accept the fact that after what happened ay mahal na mahal pa rin niya si Keith, kaya nagdesisyon siyang lumayo kaysa pagtaksilan ang alaala ng kanyang kapatid.

Kung hindi sana nangyari ang mapait na nakaraan sa buhay nila, marahil ay kasal na sila ni Keith ngayon at isa nang masayang pamilya. Kung hindi lang sana ito ang dahilan ng pagkamatay ni Lizzy…

Lizzy. Oh, how she missed her only sister!

She was torn between hating and loving Keith. Mabilis na naglandas ang kanyang luha. Nabasa niyon maging ang kanyang braso. Naiyak na naman pala siya. Masyado na talaga siyang nagiging iyakin mula nang bumalik siya rito sa Pilipinas.

Ngunit ayaw na niyang tumakas muli. Hindi na niya gustong lumayo muli at iwanan ang lahat

ng bagay na mahal sa kanya, lalo na ang kanyang parents na matagal niyang natiis na hindi makita. May-edad na rin ang mga ito and sooner or later ay kakailanganin nang mag-retire ng daddy niya sa pamamahala ng kanilang negosyo. Kung hindi siya tumakas ay noon pa niya sana napag-aralang i-manage.

At sa lahat ng pinanghihinayangan niya ay isinisisi niya kay Keith.

Naputol ang pagbabalik-tanaw ni Misty sa nakaraan dahil sa katok sa pinto ng kanyang kuwarto.

“Yes?” tanong niya na bahagya lamang kumilos para lingunin ang nakasarang pinto.

“Señorita, pinapatawag po kayo ng inyong mama,” ani Martha na kanilang kasambahay.

“Bakit daw?” pagod na tanong niya na hindi pa rin kumikilos. Gusto niya sanang matulog at ibuhos ang lahat ng sama ng loob sa pamamagitan niyon.

“Dumating na po kasi ang bisita niya.”

“Salamat. Susunod na ’ika mo ako.” Tamad na tamad siyang bumangon. Ayaw sana niyang bumaba pero baka magdamdam ang kanyang ina. Nasanay ito na sama-sama silang umiistima sa sinumang

bisita.

Nag-shower muna siya sandali at nagbihis ng shorts at sleeveless shirt. Mabilis na pinasadahan niya ng tingin sa salamin ang sarili bago lumabas ng silid. Habang pababa ng hagdanan ay pinipilit ni Misty na alisin sa isip ang mga bumabagabag sa kanya. Malalim siyang bumuntong-hininga at pilit na ngumiti.

Nakarinig siya ng tawanan mula sa patio kaya roon na siya dumerecho. Nakahanda na sana ang ngiti niya para sa mga bisita ngunit bigla iyong naglaho nang masilayan kung sinu-sino ang mga ito.

"Ikaw! What are you doing here?" Galit na tinitigan niya si Keith, ni hindi niya nabati ang katabi nitong si Tita Alicia. Tulala namang nakatingin lang sa kanya ang binata. Mababakas sa mga mata nito ang pangungulila sa kanya at ang kislap ng tuwa sa muli nilang pagtatagpo.

Nagtatakang inilipat niya ang tingin sa kanyang mama. "Ma, what's the meaning of this?" galit at naguguluhan niyang tanong.

"Hija, calm down. Hindi ka ba natutuwa sa pagbisita nila after three years?"

"Hindi, Mama!" putol niya sa sasabihin nito.

"Ayoko na siyang makita pa!"

Malungkot ang mga matang tumitig si Keith sa kanyang mukha. Nais niyang mahabag sa lungkot na nasasalamin niya sa mga mata nito. Subalit balot ng galit ang kanyang puso para maramdaman iyon. Pilit niyang pinaglalabanan ang kasiyahan dahil sa pagkikita nilang muli ng dating kasintahan.

Inis na tumalikod si Misty at patakbong bumalik sa kanyang kuwarto sa takot na hindi niya mapaglabanan ang pangungulila na nararamdaman niya para rito.

Naiwang nakatulala ang dalawang babae habang si Keith naman ay habol ng tingin ang dalaga.

"I'm so sorry, Alicia and Keith. I never thought Misty would react like that. Nabastos niya kayo at humihingi ako ng dispensa," anang ina ng ginang nang wala na si Misty.

"It's all right, Ellen. Nagulat lang siguro siya na makita kaming mag-ina. She used to be sweet to us especially to Seth and Keith," may pang-unawang sabi ni Alicia.

"Did you tell her the truth, Tita?" malungkot na tanong ni Keith.

Parang hapung-hapo na umupo si Ellen at malungkot na umiling. "For three years, ayaw niyang tumanggap na kahit anong balita tungkol sa pagkamatay ni Lizzy. At nito namang bumalik na siya from L.A. ay hindi pa namin siya makausap nang masinsinan."

"Don't worry about it, Ellen. We understand." Hinawakan pa ni Alicia ang kamay nito para makisimpatya.

"Hayaan ninyo, we'll tell her the truth when she's ready. Wala na tayong magagawa kundi maghintay. Salamat sa pang-unawa n'yo."

"It's okay, Tita. Aalis na po kami. May appointment pa si Mama sa doctor niya." He kissed her cheek para magpaalam at inakay na ang ina sa pagtayo.

---

Inis na binalibag ni Misty ang pinto ng kanyang kuwarto. Taas-baba ang dibdib niya sa pinipigil na galit. She could not believe Keith had the guts to visit her after all that had happened. At isinama pa ang ina nito!

"Damn!" Gigil na ibinato niya ang hairbrush nadampot sa kung saan saka umupo sa kama. Hindi

talaga siya mapakali sa pagkakaharap nila ni Keith at ni Tita Alicia. She wanted to shout in desperation. Naiinis siya sa kanyang mama dahil parang walang ginawang masama sa kanila ang Keith na iyon. Akala niya ay wala na itong komunikasyon sa pamilya Ilustre pero nagkamali siya. Dahil sa tawanan ng mga ito kanina sa patio ay masasabi niya na parang walang nangyari sa samahan ng mga ito.

Hindi ba nagalit ang kanyang mga magulang sa nangyari kay Lizzy? Kung ganoon ay siya na lang pala ang may galit sa mga ito. Kunsabagay, masyadong mabait ang kanyang mama kaya nakapagpatawad ito nang ganoon kadali. Kakausapin niya ang mga magulang, hindi puwede na wala silang gawin para iganti ang pumanaw na kapatid.

Isinubsob niya ang mukha sa kama. Pinipilit niyang kalimutan ang mga tingin ni Keith sa kanya na tila ba pelikula na paulit-ulit niyang napapanood. Hindi niya tuloy napigilan ang sarili na alalahanin ang nakaraan. Ang nakaraan na tila ba kailan lang naganap….

# 2

*Misty was secretly staring at Keith. Napakaguwapo talaga nito. She and Lizzy adored him before, but now that feeling had grown into something stronger she could not put a name on. She could only sigh in frustration. Nasisiraan na ba siya ng bait?*

*Hindi ba at three weeks ago lang ay inamin din sa kanya ni Lizzy na mahal na mahal nito si Keith? Noong una, akala niya ay brotherly love lang ang nararamdaman ng kapatid niya para sa binata, hindi pala. Her sister was so obsessed with Keith to the point na ayaw na nitong humiwalay rito. Ewan niya lang kung ano ang masasabi ni Keith sa ginagawa ng dalagita na pagsunud-sunod.*

*Napasimangot siya nang makita ang kapatid na naka-abrisete kay Keith. Right there and then, she decided that whatever feelings she had for that guy should stop. Mahal ni Lizzy si Keith at bilang nakakatandang kapatid, dapat matuwa siya kung talagang nagmamahalan ang mga ito. Ngunit sa kabila ng naisip ay hindi pa rin niya mapigilan ang masaktan.*

*Naalala niya noong una silang magkita ni Keith*

*at ng kapatid nito na si Seth. Keith was eleven and his brother was seventeen then. Siya naman ay seven years old noon at si Lizzy ay limang taong gulang pa lamang. Wala silang kapatid na lalaki kaya tuwang-tuwa silang magkaroon ng instant kuya sa katauhan nina Seth at Keith.*

*Mas malapit sila kay Keith dahil hindi ito nalalayo sa kanilang edad. Masaya silang nag-swimming at naglalaro ng bola dati. Si Seth ay lagi lang nakabantay sa kanila, sakaling awayin siya ni Keith. Kapag ipinagtatanggol siya ni Seth ay nagagalit sa kanya si Lizzy dahil si Keith ang kinakampihan nito palagi.*

*Wala silang kamag-anak na malapit sa kanila dahil ang sabi ng mga magulang niya ay nasa Isabela umano ang mga kamag-anak nila na ipinagtataka niya na hindi man lang nila dinadalaw. Kaya lalo silang naging close sa pamilya Ilustre dahil para bang ito na ang kanilang kamag-anak. Kapag may mga business appointment ang kanilang magulang sa ibang bansa ay ang magkapatid na Seth at Keith ang kasama nila sa bahay at siyang nagiging bantay nila. Anak na rin ang turing ng kanyang mga magulang sa magkapatid.*

*Hanggang sa dumating ang eighteenth birthday ni Misty. Binigyan siya ng mga magulang ng isang*

*magarbong party dahil dalaga na raw siya, ngunit tila wala namang nakapansin niyon. Lizzy, at the age of sixteen, was a picture of innocent beauty at ito ang naging center of attention sa party niya. Hindi niya alam kung magtatampo o maiinggit sa kapatid.*

*Naturingang escort niya si Keith, pero ang naka-abrisete rito ay ang kapatid niya. Dapat pala ay si Bernard na lang na classmate niya na may crush sa kanya, ang kinuha niyang escort. Nakasimangot na tiningnan niya ang mommy at daddy niya. Hindi yata siya napapansin ng mga ito. Parang nakakalimutan siya ng mga ito kapag naglalambing ang kapatid niya.*

*Inis na nagtungo si Misty sa likurang bahagi ng mansion. Walang ibang taong naroon kundi siya, sunud-sunod siyang huminga upang pawiin ang inis na nadarama. Hindi niya nais makipag-agawan ng atensyon sa kapatid kaya nasanay ito na palaging bida. Mahal niya si Lizzy, ngunit ang totoo ay may pagka-weak ang personality nito. Iyakin ito hanggang ngayon, na ini-spoil naman ng mga magulang nila. Lumaki ito na masyadong dependent sa parents nila… at maging kay Keith.*

*Alam niya kung bakit ganoon ang parents niya sa kapatid. Iyon ay dahil napakasakitin nito. Palagi itong naoospital kaya ayon sa mga ito, mas kailangan*

*ni Lizzy ng pagmamahal at atensyon mula sa ama't ina dahil hindi lang nito nakuha ang gusto ay nagkakasakit na ito.*

*Nagtataka nga si Misty, may tao palang ganoon. Psychological kaya ang sakit na iyon o arte lang iyon nito para makuha ang gusto?*

*Nagulat si Misty nang may biglang humawak sa balikat niya. Bigla siyang napalingon kaya halos magkadikit na ang mga labi nila ng taong iyon na walang iba kundi si Keith. Para silang nakuryente na biglang naglayo. Ang binata ang unang nakabawi.*

*"Ba't 'andito ka, Misty? It's your party," he asked.*

*She fought the urge to look at him dahil baka bigla na namang maglakbay ang mga mata niya sa magagandang features ng mukha nito. She shook her head in disbelief. Hindi siya makapaniwala na pareho sila ng kapatid ng nararamdaman para sa lalaking ito.*

*"Ah, pabalik na nga ako. Nagpahangin lang ako." Tatalikuran na sana niya ito nang bigla siyang hawakan nito sa braso. Gulat siyang napatingin dito; nagtatanong ang mga mata.*

*"Let me dance first with the beautiful debutant." Ito na ang nag-angkla ng braso niya sa braso nito at*

*sabay silang nagtungo sa grupo ng mga nagsasayaw.*

*Hindi niya maiwasang kiligin at lihim na mapangiti. Sa wakas napansin na din siya ni Keith!*

*When he put his hand on her back ay tila ba may maliliit na boltahe ng kuryente na kumiliti sa kanyang balat. Hindi niya maintindihan ang kakaibang damdamin na halu-halong sumulpot sa puso niya. Naglaho ang hinampo niya bigla sa mundo. Naisip niya na sana ay pagod at nagpapahinga na sa kuwarto si Lizzy para masolo niya si Keith. Napangiti siya sa kalokohang pumasok sa isip niya.*

*"What's so funny, Misty?" biglang tanong ni Keith na lingid sa kanyang lumilipad na isip ay pinagmamasdan pala siya habang nagsasayaw sila sa mabagal na saliw ng musika.*

*"Nothing," aniya sabay iling.*

*"Oh, come on! You can tell me," pamimilit nito.*

*"Well, I was just wondering kung paano ako nakasingit na maisayaw ng isang Keith Gabriel Ilustre. Mabuti naman at napansin mo ako ngayon ha?" tukso niya na lihim na umasam na sana ay maging maganda ang dahilan nito kung bakit siya napansin.*

*Natawa ang binata. "Misty, those girls na sinasabi*

*mo ay kasing-edad mo. They're too young for my type. At kung may iba pang girls dito ay mga mommy naman nila. What do you think of me, ha?" natatawang sabi nito sabay kindat.*

*Lihim siyang napasimangot.* So I'm too young for him pala ha! 'Kainis! *maktol niya sa isip. Akala pa naman niya ay sasabihin nitong kaya siya napansin nito ay dahil siya ang pinakamagandang babae ngayong gabi.*

Asa ka pa! *sermon niya sa sarili. Kung bata pa ang tingin nito sa kanya ay lalo na siguro kay Lizzy. Pareho sila ng kapatid na malabong magustuhan nito. Sinasabi na nga ba niya! Ang kulit niya naman kasi. Kanina lang ay nagpasya na siyang kakalimutan niya na ang nararamdaman para sa binata dahil kay Lizzy.*

*Marahas siyang napabuntong-hininga na napansin nito.*

*"Is there something wrong?" masuyo nitong tanong. Sasagutin sana niya ang tanong nito nang may biglang umabrisete kay Keith na naging dahilan upang mabitawan siya ng kasayaw.*

*"Lizzy! Ginulat mo naman kami," may halong inis na aniya sa kapatid.*

*"Ate, kami naman ni Keith ang sasayaw. Kanina*

*pa kayo, eh," nakangiting hiling nito na nakalingkis na naman ang kamay sa braso ni Keith.*

*Napakibit-balikat na lang siya. "Okay."*

*Tumalikod siya upang hindi makita ng mga ito ang inis na hindi niya napigilang maramdaman. Kahit tutol siya sa gusto ng kapatid, wala siyang magagawa pa. Alangan namang makipag-agawan siya sa pakikipagsayaw kay Keith?*

*Nang gabing iyon ay malungkot na nakatanaw lang si Misty sa pareha na halos ayaw nang maghiwalay. Kung kaya inaliw na lang niya ang sarili sa pamamagitan ng pagsayaw sa mga kaklase at anak ng mga bisita ng kanyang magulang. Pilit niyang pinasasaya ang sarili subalit sa loob-loob niya ay naroon ang hungkag na pakiramdam.*

# 3

Muling bumalik sa kasalukuyan ang isipan ni Misty nang mag-ring ang cellphone niya. Natuwa si Misty nang malaman na si Gilbert, na dati niyang manliligaw, ang nasa kabilang linya. Nabalitaan daw nito mula sa mga kaibigang dinalaw niya dati na dumating na siya kaya inimbitahan siya nito na mag-date. Wala naman siyang gagawin kaya nagdesisyon siyang sumama rito. Tutal, malulungkot lang siya kapag nag-stay siya sa bahay. Maalala niya lang si Lizzy at hindi maiiwasang alalahanin ang nakaraan nila ni Keith.

Nagmamadali siyang bumaba nang sabihin ng yaya niya na may bisita siya. Naabutan niya si Gilbert na kausap ang kanyang mama at papa. Tumayo ito nang makita siya.

"You look prettier than ever, Misty," bati ni Gilbert sabay halik sa pisngi niya.

"Ma, Pa, aalis na po kami," paalam niya sa mga ito. Hindi pa niya nakakausap nang masinsinan ang mga magulang mula noong dumating siya. Her mother tried to talk to her pagkatapos dumalaw ang mag-inang Keith at Alicia, pero hindi niya ito

pinagbigyan. She was not ready to forgive and forget.

"Take care of my daughter, Gilbert," paalam sa kanila ng kanyang amang si Don Anselmo.

"Of course, Tito. But forgive me kung medyo gabihin kami dahil matagal kaming hindi nagkita ni Misty," pahabol ni Gilbert habang pinasasakay siya sa passenger side ng *BMW X5* nito.

---

Nag-enjoy si Misty sa company ni Gilbert. Masyado talaga itong masayahin. Kahit noon pa ay nagustuhan niya na ang sense of humor nito. Pero talagang kaibigan lang ang turing niya rito. They dined in a French restaurant kung saan umulan ng updates sa mga nangyari sa buhay nila at sa mga kakilala nila. Natutuwa siya na makarinig ng mga naging buhay ng mga ito.

Maaga pa nang matapos ang kanilang dinner kaya nang magyaya itong i-check out ang isang bar malapit sa French restaurant na iyon, ay pumayag agad siya. Tatlong taon din siyang wala sa Pilipinas at parang bagong experience sa kanya ang mag-barhopping dahil hindi niya iyon nagawa noon. Palaging si Keith ang kasama niya noong nagdadalaga siya at hindi ganitong lugar ang pinupuntahan nila.

Bata pa siya noon at pulos malling lang at tambay sa bahay ng mga ito ang ginagawa nila.

Ipinilig niya ang ulo upang tanggalin sa isip ang nagsusumiksik na alaala ng binata.

Maganda ang ambiance ng bar na pinasukan nila at mukhang regular customer si Gilbert kung ibabase sa kabi-kabilang pagbati ng mga empleyado at customers doon.

“Mukhang regular ka dito, ah? Dito mo ba usually dinadala ang girlfriend mo?” nakangiting tanong niya sa kasama pagkaupo nila sa may bar.

“Girlfriend? Wala akong ganoon. Di ba, Clarence?” nakangiting baling nito sa bartender bago binigay ang mga order nilang drinks.

“Opo, wala po siyang girlfriend. Girlfriends po,” pabiro rin nitong sagot.

“Nge! Ikaw talaga, Clarence. Ipapahamak mo pa ako kay Misty. Wala kang bonus.”

“Joke lang. Ang totoo po ay si Sir Gilbert ang may-ari nitong bar kaya siya kilala dito at kabiruan namin,” paliwanag ng bartender.

“Talaga!” namamanghang sabi ni Misty. “I’m glad, Gilbert, na may narating ka na talaga. Akala ko

nga noon hindi ka na makaka-graduate sa sobrang pagbubulakbol mo," pang-aalaska niya.

"Ouch! Ikaw talaga, Misty, wala kang tiwala sa akin."

Nang ilapag ni Clarence ang mga drinks nila ay agad niya iyong tinikman. "Masarap, ah!" komento niya. Mabilis niyang naubos iyon kaya umorder ulit siya ng isa pa. Hindi na niya napansin si Gilbert na may taong sinesenyasan.

"Misty, do you mind if I leave you for a while? I just need to check something in my office," anito mayamaya.

"Go ahead. I'll just wait for you here." Hindi na niya ininda na iwanan siya nito. Nag-e-enjoy kasi siya sa kanyang iniinom at sa soothing music ng live band na naroon. Sa totoo lang ay parang ngayon pa lang siya nagdadalaga. Kahit noong nasa Los Angeles siya ay hindi siya nakapag-enjoy dahil nakikipisan lang siya sa super conservative old maid niyang tiyahin.

Nagulat si Misty nang magsalita ang vocalist ng banda para i-introduce and susunod nitong aawitin.

"The song that we're going to play next is requested by one of our bossings here in *The Rhythm*.

He's dedicating the song to a very special lady who made him very happy one twenty-seventh day of September."

Kinabahan si Misty. Espesyal din sa kanya ang September 27 dahil noon inamin ni Keith sa kanya na mahal siya nito. Mas lalo siyang kinabahan nang magsimula nang tumugtog ang banda.

*If I had to live my life without you near me*

*The days would all be empty*

Na-shock si Misty. *Nothing's Gonna Change My Love For You* ang theme song nila ni Keith! Hinding-hindi niya malilimutan iyon dahil kinakanta pa nga nito iyon sa kanya. Napangiti siya sa mga alaala. The song reminded her of their special day, September 27, their anniversary.

Napaisip si Misty. Hindi nga kaya? Kinabahan na naman siya. Inilibot niya ang tingin sa bawat taong natatamaan ng liwanag. Hearing that song again brought so much memories of Keith. Memories na akala niya ay nabaon na niya sa limot.

Hope sprung from her heart. Narito nga kaya

ang ex-boyfriend niya? Ito kaya ang nag-request ng kanta? Mahal pa rin kaya siya ng binata?

Ipinilig niya ang ulo sa naisip. Baliw na nga yata siya para umaasa pa. Malamang kung si Keith nga iyong nag-request ng kanta ay ginawa lang nito iyon para asarin siya. Sa naisip ay nadagdagan ang inis niya rito. Sakto namang natamaan ng liwanag ang mukha ng taong kinaaasaran niya at gusto niyang kamuhian pero hindi niya magawa nang lubos: si Keith!

Nakuha pa nitong kumaway at ngumiti sa kanya, kung hindi ba naman nang-aasar talaga. Inis na inirapan niya ito saka binalikan ang iniinom. Doon muna niya ibabaling ang naghuhurumentadong damdamin sa dating katipan.

Nagpasalamat siya nang matapos na ang kanta. Pasimple siyang lumingon kung saan niya nakita si Keith pero wala na ito roon.

Saan kaya nagpunta ang kumag?

Naramdaman ni Misty na may kamay na dumapo sa kanyang balikat. Isang pamilyar na boltahe ng kuryente ang gumapang sa buo niyang katawan sa simpleng hawak na iyon.

Unti-unti siyang lumingon para lang magulat sa

lalaking nasa likod niya. The same familiar man na palaging nakangiti ang mga mata.

"Did you hear our song, Misty?" ngiting-ngiti na tanong ni Keith. "I would have sang it myself kaso alam mo naman ang boses ko ay naka-reserve lang for you," dagdag pa nito.

Tumaas ang isang kilay niya. "So tama pala ang hinala ko. Ikaw ang nag-request ng song na iyon. You didn't have to do that, Keith," mataray na sabi ni Misty.

"And why not?"

"Because that song only brought back memories I'd rather forget!" angil niya saka tumayo at iniwan ang lalaki.

Pero paglakad niya ay bigla siyang nahilo. Hindi niya ito ipinahalata kay Keith kaya dere-derecho pa rin siya sa paglalakad papunta sa pasilyo na nakita niyang pinasukan ni Gilbert kanina. Eksaktong palabas na rin ang date niya kaya nagkasalubong sila.

"Gilbert, what took you so long?" tanong niya.

"I'm so sorry, Misty. Nagkaproblema kasi sa deliveries namin. Nahihiya nga ako sa 'yo, eh! Come,

I will introduce you to my partner. Actually, I don't own this bar alone. I have this friend I met in New York na siyang nagsimula nitong bar," paliwanag nito habang iginigiya siya palabas sa pasilyo.

Hindi niya napansin ang lalaking nilapitan at tinapik nito dahil bahagya niyang hinihilot ang kanyang sentido.

"Partner, I would like you to meet Misty. She's a friend of mine from college," narinig niyang sabi ni Gilbert kaya napadilat si Misty.

Balak niya sanang ngitian ito subalit hindi niya na nagawa pagkakita kung sino ang tinutukoy nitong business partner. Ang liit nga naman ng mundo. Dahil ang co-owner nito ng bar na iyon ay walang iba kundi si Keith Gabriel Ilustre. Ngayon lang niya naalala na sinabi ng vocalist ng banda na boss raw nito ang nag-request ng kanta.

"Hi, Misty," nakangiti bati ng binata. Iniaabot pa nito ang kamay sa kanya na hindi na siya nag-abalang tanggapin. Umupo lang siya sa bakanteng bar stool para umorder ng drinks.

"Keith, pakiasikaso lang muna si Misty. Inaayos ko lang ang problema sa delivery," pakiusap ni Gilbert.

Hindi siya makapapayag na maiwan sa unggoy na si Keith. "Teka, you've just said na partner mo siya. Bakit hindi siya ang mag-asikaso ng problema tutal naman ay mukhang wala naman yatang ginagawa 'tong partner mo. Hindi ba, Keith?" pilit ang ngiting baling niya rito na nakalapit na pala sa inuupuan niya.

"I'm so sorry, Misty. Ako talaga ang dapat mag-handle n'on. I'll make it up to you. Sandali na lang 'to, promise," sabat ni Gilbert.

Hindi na nakaangal pa si Misty. Tinapik siya ng binata sa kamay para magpaalam at lumayo na sa kanila. Nasundan na lang niya ito ng tingin.

"Scared? Hindi naman ako nangangagat, ah! Bakit parang takot na takot ka na madikit sa akin? And if my memory serves me right, gustung-gusto mo pa nga noon na kinakagat-kagat kita, di ba?" nang-iinis na anito.

She smirked at him at malalim na bumuntong-hininga. Pakiramdam niya ay kailangan niya iyon sa mangyayaring asaran nilang dalawa. Pagkatapos ay matamis na ngumiti siya rito. Inilapit niya ang bibig sa tainga nito. Gusto niyang matawa sa nakitang reaction nito, pero pinigil niya ang sarili dahil sa binabalak na kapilyahan.

"You're right. I like it when you're doing that. I also like it when you're hugging me so tight. I especially love it whenever you're kissing me senseless," bulong niya sa nang-aakit na boses. Tiningnan niya muna ang tulala nitong mukha bago muling bumulong. "And if my memory is also correct, you enjoy it when I'm nibbling your ear like this." Idinikit niya ang labi sa tainga nito ang dila niya na ikinaungol ng lalaki.

"Baby…" anas nito.

She felt his whole body hardened. Baby. Iyon ang term of endearment nito sa kanya dati. Noon iyon, hindi na ngayon. Naalala na naman niya ang nakaraan at nagdulot iyon ng pagkainis. She bit his ear so hard and left him in pain.

"Monster!" Gigil na gigil na talaga siya rito. Medyo nahihilo pa siya sa dami ng nainom pero hindi niya inintindi ang nararamdaman. She had to leave. Hindi niya alam kung paano pa lalabanan si Keith.

Nakokonsyensya rin siya sa nagawa niya rito, pero sinaway niya ang sarili. Tama lang sa kanya iyon, he deserved it.

Ang buong akala ni Misty ay titigil na ito sa

pagsunod sa kanya subalit nagkamali siya. Dahil isang pamilyar na hawak ang pumigil sa kanyang braso.

"Misty, ihahatid na kita. Gilbert told me you did not bring your car," seryosong sabi nito na nakahawak pa sa isang tainga na marahil ay sumasakit pa rin dahil sa ginawa niya.

"Matatag ka talaga, 'no! Hindi ka pa ba nadadala?"

"You can hurt me all you want, Misty, if that will make you happy," malungkot na sabi nito habang nakatitig sa kanya. Hindi siya sanay roon.

She was used to seeing him happy. Palaging nakangiti ang mga mata ni Keith at mapang-asar ang hitsura. No! She could not bear looking at him like that. Kung minsan talaga ay taksil ang puso. Kahit ayaw niyang makaramdam ng awa at pagmamahal ay pilit pa ring nagsusumigaw sa puso niya ang katotohanan.

"Come on!" Inalalayan siya nito papunta sa sasakyan nito.

Hinila niya ang kamay. "No thanks. I'll just take a cab."

“Misty, three years kang nawala at maraming masasamang loob ngayon. Concern lang ako sa sasabihin ng parents mo, kaya puwede ba, ’wag nang matigas ang ulo mo?”

Hindi na siya nakipagtalo pa. Pagod na rin naman siya at nahihilo dahil ang dami niyang nainom na alak sa bar. Pero nang iginiya siya nito papasok sa front seat ng *Ford Expedition* nito ay binuksan niya ang pinto ng likod at sa backseat umupo.

Napabuntong-hininga na lang si Keith saka pumasok sa driver’s side. Walang pakialam si Misty kung magmukha man itong driver niya. Wala silang kibuan nang umaandar ang sasakyan. Hindi siya magsasalita kung naghihintay itong kausapin niya.

Pero dahil sa sobrang hilo ay nakatulog siya. Hindi na niya naramdaman nang ihinto ni Keith ang sasakyan.

# 4

Napansin ni Keith na nakatulog na si Misty. Inihinto niya sandali ang kotse sa gilid ng kalsada upang ayusin ang pagkakahiga nito. Nang maayos niya ang higa nito ay hinaplos niya muna ang mukha ng babaeng kahit kailan ay hindi niya makakalimutan. Inayos niya ang ilang hibla ng buhok nito na napunta na sa mukha at saka lang siya bumalik sa pagmamaneho.

Nagulat pa ang mag-asawang Santiago nang makita ng mga ito na buhat niya ang tulog na si Misty. Nag-alalang lumapit agad ang doña sa kanya.

“Keith, what happened?”

“Wala naman po, Tita. Nakatulog lang sa kalasingan. I’ll just bring her to her room,” paalam niya sa mga ito.

When he reached her room, he slowly put Misty down on her bed para hindi ito magising. Inayos niya ang pagkakahiga nito at tinanggal ang sapatos bago kinumutan. Inilibot niya ang paningin sa kuwartong minsang naging saksi ng kanilang nakaraan. Wala pa rin iyong ipinagbago, even the smell was still the

same.

Umupo si Keith sa gilid ng kama upang mapagmasdan si Misty nang husto.

Hindi niya napaglabanan ang nais na titigan ito habang natutulog… habang hindi ito galit at walang masasabing makakasakit sa kanya.

"Baby, you've changed a lot. You look more beautiful. You just don't know how much I've missed you. I miss holding you so tight," bulong niya sa natutulog na dalaga.

Tinanggal ni Keith ang ilang hibla ng buhok na tumatabing sa maganda nitong mukha.

"I know someday you'll have the heart to forgive me. I still love you, baby. I never stopped loving you." He tenderly planted a kiss on her forehead. Muli ay pinagmasdan niya ito. Napalunok siya nang mapadako ang titig sa mga labi ng dalaga na bahagyang nakaawang. He missed Misty's kisses, too.

Bahagya siyang nangiti nang maalala ang first kiss na kanilang pinagsaluhan. Looking at her lips now, hindi na niya napigilan ang sarili na muling tikman ang mga iyon. Dahan-dahan niyang hinalikan ang babae sa mga labi, habang umaasang

huwag sana itong magising. Kapag nagkataon ay madagdagan ang galit nito sa kanya.

He stared at her for one more minute before finally leaving her room.

Naghihintay na ang mag-asawa sa kanyang pagbaba. Itinuro ng doña ang upuan malapit dito. "Keith, hijo, ano'ng nangyari kay Misty? Kanina ay si Gilbert ang kasama niya kaya nagtataka talaga kami na ikaw ang naghatid sa kanya at sa ganoong hitsura?" takang tanong nito.

He sighed. "Tita, nakainom po siya. Actually, kilala ko si Gilbert. Business partner ko siya sa *The Rhythm Bar*. Pinakiusapan ko siya na magkunwaring busy para ako ang mag-asikaso kay Misty," paliwanag niya sa mga ito. Tahimik lamang ang don na nakikinig sa kanila.

"Ibig bang sabihin, Keith, nagkaayos na kayo ng dalaga ko?" masayang tanong ng doña.

"A-actually po ay galit na galit pa rin siya sa akin. Ayaw nga pong magpahatid sa akin," kuwento niya.

"Ganoon ba, hijo? Si Misty talaga, hindi na nawala ang pagiging isip-bata. Kami na ang humihingi sa iyo ng paumanhin. Hayaan mo, binabalak na namin ng Tita Ellen mo na kausapin

siya tungkol kay Lizzy. Sana lang ay maging bukas ang isip niya sa malalaman niya." Tinapik siya ng don sa balikat.

"O sige na, hijo. Masyado ka nang naabala. Mag-iingat ka sa pag-uwi."

"Sige po, good night," pagpapaalam ni Keith sa mag-asawa.

---

While driving home, hindi maiwasan ni Keith na mapalingon sa backseat kung saan kani-kanina lang ay nakahiga si Misty. He sighed deeply remembering what happened at the bar. She had changed a lot.

*Kaya na niya akong saktan emotionally and physically. Misty, when will you be ready to forgive me?*

Nag-request siya sa banda ng bar na kantahin ang theme song nila ni Misty para ipaalala sa babae ang masasayang pinagsamahan nila. Umaasa siyang sa pamamagitan niyon ay maiisip ng dating nobya na patawarin na siya. He thought it was a sweet gesture, pero hindi pala para sa dalaga.

Akala pa naman niya ay matutuwa ito sa ginawa niya. Umasa siya nang ngitian siya nito

kanina. Akala niya talaga ay iyon na ang simula ng pagbabalikan nila. Baka naman wala na talaga itong nararamdaman para sa kanya.

*Huwag naman sana*, hiling ng puso niya.

Kinasabwat niya pa si Gilbert na i-date ito kunwari at nang madala sa bar nila. Hindi siya puwedeng lumitaw sa restaurant dahil iba ang plano niya.

Initially, he wanted to follow Misty in the States but her parents rejected the idea. Ayaw pa ng mga ito na ipagtapat ang katotohanan sa dalaga dahil baka maapektuhan umano ang pag-aaral nito. Gustuhin man niyang magpaliwanag sa nangyari ay natakot din si Keith na hindi iyon tanggapin ng dalaga. Ayaw na rin niyang maalala ang dahilan kung bakit nagtangka siyang magpakalunod sa isang resort. Kung hindi dahil kay Gail at sa pamilya nito, malamang ay wala na rin siya, gaya ni Lizzy.

Pagod na pagod na ang katawan at isipan ni Keith nang marating ang townhouse na pag-aari niya. Humiga siya sa kama ngunit nakapagtatakang wala siyang nararamdamang antok. He lived there alone. Sa bahay na ito siya nagmukmok noong iwanan siya ni Misty. Dito niya nailalabas ang sama ng loob.

Tumayo si Keith at tinungo ang mini-bar at kumuha ng brandy. Akala niya ay hindi na siya kailanman iinom. Nasira na ang buhay niya noon dahil sa sobrang guilt sa nangyari kay Lizzy. Pagkatapos niyon ay ang pagkamatay ng kanyang papa. Kailan pa lang mula noong makabawi siya sa depression at ngayon…

He sighed deeply. Minabuti niyang mag-isip na lang ng masasayang alaala.

He remembered when he first saw Misty, at bahagya siyang napangiti. She looked like an angel dahil napakaamo ng mukha nito. Pero masyado itong mahiyain kaya hindi siya nito masyadong pinapansin maliban sa pagsabi ng 'Hi' at kiming pagngiti, ay nakatingin lang ito sa kanila ng Kuya Seth niya. Nakikipaglaro rin ito sa kanya madalas pero hindi nakikipagkuwentuhan. She was so unlike Lizzy na bata pa lamang ay masyado nang malambing at palakaibigan.

Habang lumalaki sila ay mas nailang si Misty sa kanya kung kaya lagi siyang gumagawa ng paraan para asarin ito at nang humaba naman ang kanilang usapan sa pamamagitan niyon. Hanggang sa nasanay siya na palagi itong iniinis para lang magpapansin dito. Pero mali yata ang ginawa niyang technique

dahil sa bawat pang-aasar niya rito ay kay Seth ito lumalapit. Ang nakatatandang kapatid niya ang naging hero nito at si Lizzy ang kakampi niya. Inis na inis siya noon kapag nakikitang yumayakap ito kay Seth.

Kaya laking tuwa niya nang mag-aral sa ibang bansa si Seth. Kahit papaano nakakita siya ng pagkakataon na mapalapit kay Misty. Nang kailangan ng dalaga ng tutor sa Math at nakiusap ang parents nito na kung may free time siya ay i-tutor si Misty, abot-abot ang saya niya. Mula noon ay nagkasundo na sila. Kahit palaging umeentrada ang kapatid nitong si Lizzy ay naging close na si Misty sa kanya at itinuring na rin siyang kaibigan.

And when her debut party came, he saw Misty as someone he would marry someday. He finally accepted to himself that what he felt for her was true love. Kahit siya ay nagtataka kung bakit sa lahat ng naging girlfriends niya, ay kay Misty na hindi niya nobya, siya nagkaroon ng ganoong pangarap. Akala nang marami ay palikero siya dahil maraming babaeng naugnay sa kanya, pero ang hindi alam ng mga ito, front niya lang iyon upang huwag mahalata ng close friends niya ang kanyang tinatagong feelings para kay Misty.

Nakahanda na sana siyang magtapat sa dalaga, dahil batid niyang pinayagan na ito ng ama na tumanggap ng manliligaw mula noong mag-eighteen ito. Alam niyang magugulat si Misty pero ayaw na niyang magpatumpik-tumpik at baka maunahan pa siya ng iba.

Nagulat siya sa ipinagtapat ni Lizzy sa kanya. Alam niyang masyado silang close at ini-spoil niya rin ito dahil kapatid na bunso ang turing niya rito. But he was shocked to learn that Lizzy loved him more than a brother. Kahit kailan ay hindi niya binigyan ng malisya ang pagyakap-yakap nito at paghalik-halik sa kanya. Buong akala niya ay parang kuya lang ang turing ng kapatid ni Misty sa kanya.

Tinapat niya si Lizzy na marami pa itong lalaki na makikilala at kapatid lamang talaga ang turing niya rito. Nagulat siya sa ibang side na nakita niya rito noon—nagwala ito at nagbanta na guguluhin ang lovelife niya. She was so obsessed na kahit saan siya magpunta ay nakikita niya itong nakamasid sa kanya, nakangiti pero matalim ang mga mata. Tinangka niyang iwasan ito subalit tinakot siya nito na magsusumbong ng mga bagay na kahit kailan ay hindi niya ginawa rito. Ayaw niyang magdulot pa ito ng gulo sa pamilya niya at sa pamilya Santiago kaya pinagbigyan niya na lang ang mga kapritso nito.

Akala ni Keith ay hindi na siya mabibigyan ng pagkakataon na maging close uli kay Misty. Hindi niya talaga malilimutan ang date na September 27….

Nautusan si Keith na sunduin si Misty sa school dahil nagkasakit ang family driver ng mga Santiago. Ikinatuwa niya iyon dahil magagampanan niya ang role ng isang boyfriend dito, kahit siya lang ang may alam.

Nagpasalamat siya dahil magkahiwalay ng school ang magkapatid dahil college student na si Misty at nasa highschool pa lang si Lizzy. Kung hindi, mauunsyami na naman ang plano niya.

Nagsimula siyang mangarap na magkakalapit sila muli ni Misty dahil halata niyang pasimple siyang iniiwasan nito mula nang matapos ang eighteenth birthday nito.

Masaya siyang naghintay sa paglabas ng dalaga habang nagre-rehearse ng mga balak niyang ipagtapat dito. Pero nagulat siya nang makita si Misty na may kasabay na lalaki palabas ng school. Nasaktan siya nang labis nang makita itong nakikipagtawanan sa kasama. Para bang may punyal na mariing tumarak sa dibdib niya. Sa sobrang selos ay galit niya itong sinalubong at hinila papasok sa kotse sa matinding

panggigilalas nito at ng kasama nitong kaeskuwela. Mabilis niyang pinaandar ang sasakyan palayo sa lalaking kasama nito na pakiramdam niya ay siyang aagaw kay Misty mula sa kanya.

*"What's wrong with you? Bakit ginawa mo 'yun? Ano ba kita para pakialaman mo ako, ha! Napakabastos mo, binastos mo pati kaibigan ko!" nanggagalaiting sigaw nito.*

*"Kaibigan? Kaibigan mo ba iyon o syota mo?" ganting sigaw niya.*

Bigla na lamang itong tumahimik at tulalang tiningnan siya. Alam niyang nagulat ito sa ipinakita niyang temper. Sanay ito na palagi siyang nakangiti at nang-aalaska. Kahit siya ay nanibago sa sarili. He had never been this mad in his whole life, noon lang.

Noon lang at dahil iyon sa matinding selos. Nataranta si Keith nang bigla itong umiyak. Para siyang binuhusan ng malamig na tubig at nawala bigla ang galit niya at napalitan ng pag-aalala. Mabilis niyang inihinto ang sasakyan sa isang park malapit sa school.

Dali-dali itong bumaba ng kotse at tumakbo papunta sa park. Nagmamadali niyang ini-lock ang pinto ng sasakyan at bantulot na sumunod dito.

Nakita niya itong nakatalungko sa isang bench at umiiyak. Mabuti na lang at pagabi na kaya hindi ito nakaagaw ng atensyon ng ibang tao. Hindi niya alam kung paano ito lalapitan at papaliwanagan. Kahit kailan kasi ay hindi niya napagdaanan ang ganitong sitwasyon.

*Dahan-dahan siyang umupo sa tabi nito.*

*"M-Misty, I'm so sorry. I didn't mean to be rude kaya lang…." Hindi tinuloy ni Keith ang gustong sabihin. Nagdadalawang-isip siya kung magtatapat na ba siya sa babae.*

*"Why are you like that? I know you're concerned to me as a big brother to his sister. Kaya lang, you're over reacting, eh! Dinaig mo pa ang parents ko. Hindi nila kayang ipahiya ako tulad ng ginawa mo. My own father trusts me, so why can't you? Kung tutuusin nga ay wala ka namang karapatan na makialam sa akin, ha!" angil ni Misty na hindi tinitingnan ang lalaki.*

*Nasaktan si Keith sa sinabi nito. Ano nga ba ang karapatan niyang makialam dito? Sino nga ba siya sa buhay nito? He felt so stupid.*

*"I'm sorry if I was way out of line. Who am I to interfere with your love life, di ba? I've asked that same question to myself and you can laugh all you want, but*

*the truth is… I got jealous when I saw you walking with that guy." Hinayaan niyang bumakas ang hinanakit sa tinig niya. "Napakasaya ninyo samantalang ako ay iniiwasan mo. Akala mo ba hindi ko napapansin iyon?"*

*Tulala lang itong nakatingin sa kanya. Na-shock marahil sa mga sinabi niya. Kahit kailan hindi pa naranasan ni Keith na magtapat ng damdamin sa isang babae. Sabihin nang mayabang siya, pero nakailang girlfriends siya nang hindi nanliligaw.*

*"W-why were you jealous?" she asked in disbelief.*

*"Misty, I really don't know how to explain this to you but… I'm falling for you. Mga bata pa lang tayo ay naramdaman ko na ito. Hindi ko na alam kung paano pa pipigilan ang damdamin ko, basta—"*

*"You love me?" putol nito sa hindi makapaniwalang tono.*

*Matagal bago siya nakasagot dahil nahihiya siya sa nangyari. "Yes…" derecho ang tingin sa mga matang tugon niya.*

*Hindi ito nakasagot, and feeling rejected, napayuko si Keith. For the first time in his life, a woman rejected him. Ayaw niyang makita pa nito ang lungkot sa kanyang mga mata kaya niyaya niya na*

*itong umuwi.*

*"Let's go, Misty. Ihahatid na kita sa inyo. Ayusin mo muna ang sarili mo at baka magtaka sila sa hitsura mo." Nagpauna na siyang bumalik sa kotse, without looking at her.*

*Matagal bago niya naramdaman na nakasunod ito sa kanya. He was afraid to look at her because he might get hurt sa makikita niyang reaction nito sa mga ipinagtapat niya. Mabilis nilang narating ang bahay ng mga Santiago nang hindi nag-uusap.*

*"Hindi na ako papasok. Pakisabi na lang kina Tita na umalis na ako," paalam ni Keith. Nakahawak pa rin sa manibela ng kotse ang mga kamay niya at derechong nakatingin sa daan. Hindi na siya nag-abala pa na patayin ang makina ng kotse niya.*

*Laking gulat niya nang bigla siyang yakapin at halikan sa pisngi ni Misty at saka mabilis na bumaba sa kotse. Pero bago tuluyang umalis ay dumukwang uli ito sa pinto at sinabihan siya ng "I love you, too!" Pagkatapos, agad itong pumasok sa loob ng bahay.*

*Nakatulala na hinabol niya lang ito ng tingin. He could not believe his luck. Misty loved her, too! He was shocked sa ginawa nito but so happy at the same time. It was one, if not the happiest day of his life.*

That was the start of their love story. He could not help smiling kapag naalala ang matamis na nakaraan nila ni Misty. At the same time ay nalulungkot din siya. Pinanghihinayangan niya ang magandang relasyon nila na nasira ng pagbibintang nito na siya ang dahilan ng pagkamatay ng kapatid nitong si Lizzy.

He tried to move on nang malaman niyang ni hindi man lang ito nakikibalita sa kanya. Marami rin siyang naging girlfriends, pero si Misty pa rin ang hinahanap-hanap ng puso niya.

Malalim na bumuntong-hininga si Keith. Pagod na siya pero hindi siya makatulog sa mga alaala na hindi niya kailanman nakalimutan.